



Pagpapasuri sa COVID-19

Kailan ako dapat na magpasuri sa COVID-19?

- Mayroon kang mga sintomas ng COVID-19.
- Mayroon kang mas [mataas na panganib ng pagkakaroon ng malubhang sakit](#) at kamakailan lang na nalantad sa isang taong may COVID-19.
- Ikaw ay isang kasambahay o nagkaroon ng mataas o katamtamang mapanganib na pagkakalantad sa isang taong may COVID-19.



Sino ang nasa mas mataas na panganib ng pagkakaroon ng malubhang sakit?

- Mga taong nasa edad na 60 taon at mas matanda
- Mga nagbubuntis
- Mga Aborihinal, Torres Strait Islander at mga Pacific Islander (mula edad na 35 taon at pataas)
- Mga taong labis ang katabaan, dyabetis, malalang sakit sa puso, malalang sakit sa baga (*kabilang ang matinding hika na nangangailangan ng pagka-ospital sa nakaraang 12 buwan*), malubhang sakit sa atay o bato, may aktibong kanser o mayroong mahinang naturalesa na panangga sa sakit
- Ilang taong may kapansanan kabilang ang mga may kapansanan na nakakaapekto sa kanilang mga baga, puso o sistema sa naturalesa na panangga sa sakit
- Mga residente ng mga pasilidad sa pagka-alaga ng mga matatanda at may kapansanan
- Mga taong may edad na 18 taong gulang at mas matanda na hindi bakunado

Anong pagsusuri sa COVID-19 ang dapat kong makuha?


Mayroong **dalawang magkaibang pagsusuri** na maaari mong makuha upang matingnan kung mayroon kang COVID-19. Isang **rapid antigen test** (RAT) na maaari mong gawin nang sarili at isang **PCR** (pagpahid sa ilong at lalamunan) **test** na ginagawa sa isang klinika ng pagsusuri.

- **Kung ikaw ay may mas mataas na panganib ng malubhang sakit**, dapat kang kumuha ng isang **PCR test**. Kung hindi ka makakuha ng kagyat na resulta sa isang PCR test, magsagawa ng isang rapid antigen test (kung mayroon ka nito) habang hinihintay mo ang resulta ng PCR test.
- Kung **hindi** ka nasa mas mataas na panganib ng malubhang pagkakasakit, magsagawa ng isang rapid antigen test maliban kung payuhan ka ng iyong doktor na magkaroon ng isang PCR test.



Ano ang gagawin ko kung nagpositibo ako sa COVID-19?

- Kung mayroon kang isang **positibong** resulta sa isang **PCR test**, kahit na wala kang mga sintomas, mayroon kang sakit na COVID-19. Dapat mong sundin ang payo para sa mga taong [nagpositibo ng pagsusuri sa COVID-19 at ligtas na pamamahalaan ang COVID-19 sa bahay](#).
- Kung mayroon kang isang positibong rapid antigen test **irehistro ang resulta sa Service NSW** at sundin ang payo para sa mga taong [nagpositibo ng pagsusuri sa COVID-19 at ligtas na pamamahalaan ang COVID-19 sa bahay](#).



Kung mayroon kang anumang mga pag-aalala sa kalusugan at nangangailangan ng tulong sa wika, tumawag sa **TIS 131 450** at hilingin ang Health Direct sa telepono **1800 022 222**.